BAKIT MAGSASAKSI?

Liksyon 1 para sa ika-04 ng Hulyo, 2020

A UPANG I-ALOK ANG KALIGTASAN.

- ❖ Ipinapahayag ng Dios ang Kanyang sarili sa iba't-ibang paraan:
  - — Sa pamamagitan ng gawain ng Banal na Espiritu (Gawa 5:32)
  - — Sa pamamagitan ng kalikasan (Awit 19:1)
  - — Sa pamamagitan ng natatangi o ipinagkaloob na pagkakataon (1 Cronica 16:12)
  - — Sa pamamagitan ng buhay at paglilingkod ni Jesus (Juan 1:18)
- ❖ Sa kabila ng paggamit ng mga paraang iyon ng pakikipag-ugnayan, pinili tayo ng Dios upang ipahayag ang plano ng kaligtasan sa iba.
- ❖ Nais Niya na ang mga tumanggap ng Kaligtasan ay ibahagi ito sa iba. Nais Niyang ibahagi natin ang ating natanggap, bigyan ng pagkakataon ang ibang tanggapin ang buhay na walang hanggan (Mateo 10:8; Santiago 5:20).

B UPANG PASAYAHIN ANG DIOS.

- ❖ Iniisip mo ba kung ano ang nararamdaman ng Dios sa kasakit, kahirapan at kawalan ng hustisya na dulot ng kasalanan dito sa ating mundo? (Jeremias 13:17).
- ❖ Kung nabuksan ang puso sa Kaligtasan, napapahiyaw sa tuwa ang mga anghel, at masayang umaawit ang Dios (Lucas 15:7; Sefanias 3:17).
- ❖ Anong mas nakapagpaparangal, mas nakakalugod, kaysa pagkaalam na ang pagsaksi mo ay nagbibigay galak sa puso ng Dios sa isang mundo ng kalungkutan?

C UPANG LUMAGO.

- ❖ Gaya ng binanggit natin dati, maraming paraan ang Dios para ipahayag ang Sarili. Gayunman, kahit derektang ipinahahayag ang Sarili, lagi Siyang naglalagay ng tao upang makitungo sa ibang tao. Pansinin ang mga karanasan nina Saulo o Cornelius, halimbawa (Gawa 9:3-6; 10:1-6).
- ❖ Ang pagpapahayag ng Ebanghelyo ay pagpapala sa atin. Lalago tayo sa pang-espiritwal at magagalak kay Kristo kung tatanggap ang mga tao sa Kanya.

D UPANG SUMUNOD SA UTOS NI JESUS.

- ❖ Ayaw ng Dios na ang "sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi." (2 Pedro 3:9)
- ❖ Ipinakita ng Dios sa mga lalaki at babae (2P 2:5; Gn. 12:1-3), mga bansa (Is. 49:6) at mga lahi (Gawa 1:8) upang ipakilala ang Kaligtasan sa kasaysayan.
- ❖ Ang pagpabaya o pagbawas ng iglesia sa utos ni Kristo ay pagkabigo nito sa layunin ng kanyang pag-iral at pagpalya sa kanyang pangpropesiyang pagkatawag sa sanlibutan.

E ALANG-ALANG SA PAG-IBIG.

- ❖ Ang pag-ibig ni Jesus ang kumilos kay Pablo na ikalat ang Salita ng Dios sa buong mundo dahil naunawaan niya na ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay upang siya'y iligtas (2Co. 5:14-15).
- ❖ Ang pagsasaksi ay mapagmahal na tugon sa pag-ibig ng Dios.
- ❖ "At ang karamihan sa mga kapatid sa Panginoon, na palibhasa'y may pagkakatiwala sa aking mga tanikala, ay lalong nagkaroon ng tapang upang salitaing walang takot ang salita ng Dios […] sa mabuting kalooban […] [sila'y] gumagawa nito sa pagibig." (Filipos 1:14-16).